

PANGALAN AT SIMULA

Ang samahang ito ay tinatawag na **Teatro Pilipino** na matatagpuan sa parokya ng Maria Auxiliadora, Maypajo Lungsod ng Kalookan.

Itinatag noong ika-7 ng Setyembre 1978 sa tulong ni Fr. Joe Trongco na assistant parish priest ng kasalukuyang kura paroko na si Msgr. Domingo D. Cirilos.

Noong panahong iyon, nagkaroon ng pagpupulong pagpapalitan ng mga opinion kuro-kuro, kung paano magiging epektibo ang pagpapahayg ng Ebanghelyo sa mga tao. Iisa ang naging katugunan. magkaroon ng pagsasadula ng aral ng Ebanghelyo ng maikling pagtatanghal. Bubuo ng isang Tanghalan, ng isang samahan, ng isang Teatro. Ang pangalan ng samahang... Teatro Pilipino.

ANG LOGO

Ang logo ay kinapapalooban ng isang **masayang mukha**, na nagpapakita ng tagumpay sa mabuting layunin, nakilala sa maka-Diyos na antas ng paglilingkod, sa harap ng Banal na Misa ay umaawit ng mga papuri at pasasalamat sa mapagpalang kamay ng ating Manlilikha. Mayroon ding isang **malungkot na mukha**, na nagsisilbing simbolo ng panahon ng Taglagas. Tag-lagas na maibabatay sa mga kasapi na nawala at ang iba, ay pumanaw na may taglay pa ring pag-arte at pag-awit sa bisig ng Kanilang Mananakop. Ang isang **krus** na nagpapakita ng pagsasakripisyo at pagmamahal ng diyos sa sangkatauhan at kung saan nagmula ang mga talento na mayroon ang Teatro Pilipino.



LAYUNIN AT ADHIKAIN

1. Ang Teatro Pilipino ay naglalayong pagtibayin ang diwa ng paglilingkod at panangutan sa bawat kasapi.
2. Ang Teatro Pilipino ay naglalayon na maitaguyod ang kagandahang asal at magandang pakikisalamuha sa bawat isa at sa kanyang komunidad na kinabibilangan.
3. Ang Teatro Pilipino ay naglalyong bigyan diin ang pagpkilala at pagtatanggol ng katotohanan, gayon din ang pagpapalawak ng moralidad at ispirituwalidad ng bawat isa.
4. Ang Teatro Pilipino ay naglalayong maglingkod sa Diyos s pamngitan ng mga talent sa larangan ng sining, ktulad ng pag-awit, pagsayaw, pagsasadula at produksyong pangtanghalan maging ito man ay pang parokya o pang komunidad, upang pagyamanin ang kaalaman at kakayahan ng bawat kasapi sa mga larangan nabanggit.

TUNGKULIN AT PANANAGUTAN

1. Pagsunod sa lahat ng mga alituntunin at patakaran ng samahan at pagkilala sa mga nilalaman ng Konstitusyong ito.
2. Mga tamang pananamit:
 - (a). Pagsuot ng Choir Gown o uniporme na maitatalaga sa mahahalagang pagdiriwang na kapistahan o panahong itinalaga ng pamunun.
 - (b). Pagsuot ng naayon na pananamit tuwing oras ng misa. Bawal ang tsinelas, short, sleeveless, sando, ripped jeans.

- (c). Mahigpit na ipinagbabawal ang pagsusuot ng kahit anong uniporme ng grupo sa anumang personl na gawain o lakad.
 - (d). Bawal ang paninigarilyo, pag-inom ng alak pagsusugal o anumang uri ng bisyo habang suot o gamit ang uniporme ng grupo.
3. Pagtatanod sa banal na Sakramento tuwing **ika-huling Sabado ng buwan** sa ganap na **4PM - 5PM**.
 4. Pagdalo sa Buwanang Pagpupulong at biglaang pagpupulong.
 5. Pagdalo ng palagian sa mga pagsasanay.
 - (a). Bawal ang pagsusuot ng sando, sleeveless, short shorts, spaghetti s oras at araw ng ensayo.
 - (b). Maaga ng 15 minuto sa itinakdang oras ng ensayo.
 - (c). Kapag oras ng ensayo, oras ng ensayo lamang.
 6. Pakikiisa sa lahat ng gawain.
 7. Pangangalaga sa anumang bagay na pag-aari ng samahan.
 - (a). Sa paghiram ng gamit ng grupo ay kinakailangan na makipag ugnayan sa Ways & Means Head.
 - (b). Ang kahit anong bagay na hiniram sa grupo ay kinakailangan maisauli ng maayos.
 - (c). Kung sakaling ito ay masira, kinakailangan palitan ng miyembrong nanghiram ng bago at kasingtulad ng kanyang nasira.
 8. Pagsauli ng anumang bagay na pag-aari ng samahan.
 9. Pagkakaloob ng grupo ng pera bilang abuloy sa magulang o kapatid na namatay, ng isang kasapi.
 10. Pagdarasal sa mga namatay na kamag anak ng kasamang kasapi.
 11. Pagbabayad ng monthly dues.

(a). Pagkakaloob ng monthly dues ng bawat kasapi.

1. Nagtatrabaho DALAWAMPUNG PISO P20.00
2. Estudyante SAMPUNG PISO P10.00

(b). Ang bawat kasapi na may kapamilya tulad ng magulang, kapatid, asawa o anak na bahagi ng samahan na higit sa dalawa ay magbibigay lamang ng monthly dues na para sa dalawang (2) katao lamang. Ang naturang halaga ay ibabatay sa unang dalawang kasapi n may mas mataas na "Monthly Dues".

ALITUNTUNIN AT PATAKARAN

1. Ang apat (4) na pangunahing alituntunin ng samahan ay ang mga sumusunod:
 - a. Ang pagsunod sa mga alituntunin at patakaran.
 - b. Ang pagdalo sa buwanang pagpupulong.
 - c. Ang pakikiisa sa lahat ng mga gawain ng samahan sa diwa ng paglilingkod sa ating Panginoon sa pamamagitan ng ating kapwa.
 - d. ng maganda at masayang pagsasamahan ng bawat kasapi.
2. Ukol sa pagliban, mga pasabi at pagbabakasyon.
 - a. Ang kasapi ang siyang may unang tungkulin na ipagbigay alam kung siya ay mahuhuli o hindi makadadalo. Ito ay maaaring ipagbigay-alam sa Pangulo o sa Pangalawang Pangulo at sa iba pang itinalagang kinaukulan (Section Leaders).
 - b. Ang pagliban ay tumatagal lamang sa loob ng dalawang linggo.
 - c. Ang liham-pasabi ay magkakaroon lamang ng bias kung ito ay ipinaabot bago at hindi pagkatapos ng anumang gawain.

d. Ang pagliban ay nawawalan lamang ng bisa kung my sapat na kadahilanan sa pamamagitan ng pasabi o sulat pasabi. Kung mayroong hindi inaasahang kadahilanan, ito ay maaaring ipagbigay-alam na lamang sa sunod na pagkikita.

e. Ang pagbabakasyon ay tumatagal lamang sa loob ng isang (1) buwan. Pagkatapos ng isang buwan, ang kasapi ay kinakailangang makipag-alam sa pamunuan kung hindi pa makadadalo.

f. Ang bawat kasapi na hindi nagbibigay-alam sa pamunuan makaraan ang isang buwan, ay ituturing na lumabag sa tungkulin. AT SA KANYANG MULING PAGDALO, SIYA AY BAGONG KASAPI NA MULI.

g. Ang anumang usapin tungkol sa pagliban, pasabi, at pagbabakasyon ay maaaring bigyang linaw mula sa Pangulo.

3. Ang bawat kasapi ay kinakailangang may kinaaanibang isang (1) komite.
4. Ang bawat komite ay marapat magdaos ng pagpupulong bago ang buwanang pagpupulong ng samahan.
5. Ang anumang paglabag sa alituntunin at patakaran na nababanggit ay magiging daan na siya ay mabigyan ng kaukulang "disciplinary action".
6. Mahigpit n ipinagbabawal ang pakikipagrelasyon sa loob ng grupo at sa anumang organisasyon sa loob ng simbahan. Maaari lamang kung ang miyembro ay nakapagtapos at may trabaho at alam ng magulang.
7. Kumilos ng naaayon at kailangan sa pagkakataon.

Ang uri ng pagpupulong ay ang mga sumusunod.

- a. buwanang pagpupulong
- b. pagpupulong ng pamunuan
- c. pagpupulong ng komite

d. biglang pagpupulong

Buwanang pagpupulong

Ang buwanang pagpupulong ay dapat buuin ng pitumpong bahagdan ng

kabuuang bilang ng kasapi.

Ang buwanang pagpupulong ay ginaganap tuwing unang lingo ang bawat buwan.

Ang buwanang pagpupulong ay maaari lang milipt ng pangulo sa mga

di-inaasahang kadahilanan.

Pagpupulong ng pamunuan

Ang pagpupulong ng pamunuan ay dapat my quorum.

Pagpupulong ng komite

Ang pagpupulong ng komite ay binubuo ng chairman at ng mga kasapi nito.

Biglaang pagpupulong

Ang biglaang pagpupulong ay ginagawa ayon sa hinihingi ng pagkakataon.

ANG MGA KASAPI

1. Ang mga kasapi ay binubuo ng mga aktibo at mga nasa ilalim ng pagsubok.
 - a. AKTIBO - Kasapi na nakatapos ng tatlong (3) buwang pagsubok at nang walang pglibn nakapagsagawa na ng panunumpa.
 - b. BAGONG KASAPI - kasapi na nasa ilalim ng pagsubok.

2. Ito ay dapat magtaglay ng mga sumusunod:
 - a. Binyagang katoliko at may mataas n pagkilala sa diyos.
 - b. Handang italaga ang sarili sa paglilingkod.
 - c. Handng sumunod at makiisa.
 - d. May taglay na talent at may taglay na kagandahang loob, kakayahan sa iba't ibang aspeto ng sining tulad ng pag-awit, pagsayaw, pag arte at iba pa.

PAMUNUAN AT KAPULUNGAN

Ang pamunuan ay binubuo ng sumusunod:

1. Pangulo
2. Pangalawang Pangulo.
3. Kalihim
4. Ingat Yaman
5. Tagasuri.
6. Business Manager
7. Tagapayo

**** ANG LAHAT NG PAMUNUAN AY INIHAHALAL
MALIBAN SA TAGAPAYO ****

PANGULO

1. Ang pangulo ang siyang pangkalahatang Puno ng komite. Dahil dito, siya ay hindi na dapat maging kasapi ng alinman sa mga ito.
2. Ang Pangulo ang tagapangasiw ng mga bagay na may kinalaman sa samahan.

3. Ang Pangulo ang mangunguna sa mga bagay-bagay sa pulong.
4. Ang Pangulo ang may karapatang magpatupad sa mga tungkulin ng kasapi.
5. Ang Pangulo ang may karapatang magtawag ng biglaang pagpupulong.
6. Ang Pangulo ang may karapatang mag-alis ng kasapi.
7. Ang Pangulo ang may karapatang magtalaga ng panibagong ipapalit sa nabakanteng posisyon.
8. Ang Pangulo ang may karapatang kumilala ng anumang bagay na naisakatuparan ng kasapi.
9. Ang Pangulo ang magmamasid, magtuturo at susubaybay sa mga kasapi at mga pamunuan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin.
10. Ang Pangulo ay hihingi sa bawat kasapi ng pagpapakasakit sa abot ng kanilang kakayahan na walang hinihintay na kabayaran.
11. Ang Pangulo ang mangangalaga ng diwa ng pagkakaisa, pagmamahalan at pagkakaunawaan ng bawat kasapi.
12. Ang Pangulo ay dapat ng maging halimbawa sa kagandahang asal, upang pamarisan ng kasapi.
13. Ang Pangulo ang dapat na maging pangunahing tagapagtanggol ng samahan at mangangalaga ng karapatan ng bawat kasapi.
14. Ang Pangulo ay hindi dapat magkaroon ng pagtatangi sa isa o ilang kasapi.
15. Ang Pangulo ay dapat dumaalo sa mga pulong ng sanggunian at iba pang ministry.
16. Ang Pangulo ay maaaring magtalaga ng ibang kinatawan sa mga pagpupulong ng sanggunian o ministry.

PANGALAWANG PANGULO

1. Ang Pangalawang Pangulo ay dapat dumalo sa araw at oras ng pulong.
2. Ang Pangalawang Pangulo ang dapat na mamuno at gumaganap sa pulong kung wala ang Pangulo.
3. Ang Pangalawang Pangulo ang dapat tumulong sa Pangulo sa lahat ng bagay sa pangangasiwa sa mga gawain.
4. Ang Pangalawang Pangulo ang mag-iingat ng talaan ng mga kasapi.
5. Ang Pangalawang Pangulo ang magmamasid sa iba't ibang bagay na hindi napapansin ng Pangulo.
6. Ang Pangalawang Pangulo ang mag-uukol ng pansin sa mga kasaping hindi nakakadalo o may sakit upang ito'y mapaalalahanan at madalaw.
7. Ang Pangalawang Pangulo ay dapat maging taga pagtanggol ng samahn at mangalagaa ng kaarapatan ng bawat kasapi.
8. Ang Pangalawang Pangulo ay hindi dapat magkaroon ng pagtatangi sa isa o ilang kasapi.
9. Ang Ambassador of Goodwill, Spiritual, Music and Technical, Cultural and Sports ay napapailalim sa Pangalawang Pangulo.

KALIHIM

1. Ang Kalihim ay dapat dumalo sa araw at oras ng pulong.
2. Ang Kalihim ay siyang mangangalaga at maghahanda ng katitikan ng pulong.
3. Ang Kalihim ay siyang, mag-iingaat ng mahalagang kasulatan ng samahan.

INGAT YAMAN

1. Ang Ingat Yaman ay dapat dumalo sa araw at oras ng pulong.
2. Ang Ingat Yaman ang maghahanda ng buwanang ulat sa pananalapi ng samahan.
3. Ang Ingat Yaman ang tagapag-ingat ng pananalapi ng samahan.
4. Ang Ingat Yaman ang may katungkuilang mangasiwa sa lahat ng aspeto ng pananalapi ng samahan maging ito man sa kontribusyon o bayarin.
 - a. Lingguhang kusang abuluyan.
 - b. "Monthly dues"
5. Ang Ingat Yaman ang mangangasiwa sa wastong paggamit ng pananalapi.

TAGASURI

1. Ang Tagasuri ay dapat dumalo sa araw at oras ng pulong.
2. Ang Tagasuri ang nagsusuri ng mga bagay-bagay na nauukol sa pananalapi at mga kagamitan ng samahan. Ang pagsusuri ng ulat ng ingat yaman ay isasagawa isang (1) linggo bago dumating ang araw ng pagpupulong.
3. Ang ways & means ay napapasailalim sa Tagasuri.

BUSINESS MANAGER

1. Ang "Business Manager" ay dapat dumalo sa araw at oras ng pulong.
2. Ang "Business Manager" ay nangunguna sa mga bagay-bagay na naglalayong mapaunlad ang pananalapi ng samahan.

TAGAPAYO

Ang taga-payo ang magbibigay payo para sa higit na ikauunlad at ikapagtatagumpay ng anumang Gawain ng samahan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pamunuan.

ANG SAMAHAN AY BINUBUO NG LIMANG KOMITE

A. CULTURAL, DRAMA, SPORTS AND RECREATION

Ang komiteng ito ang siyang nangangasiwa sa mga bagay bagay na may kinalaman sa larangan ng sining. Ito rin ay naglalayong palakasin ang pagkakaisa ng bawat kasapi sa pamamaraan ng iba't ibang programang makakatulong sa kaunlaran ng aspetong pang-kaisipan at pang-pisikal.

B. MUSIC & TECHNICAL COMMITTEE

Ang komiteng ito ay binubuo ng isang Head na aktibong kasapi ng samahan,

Choir director, accompanist, instrumentalist at mga itinalagang section heads.

Ito ang siyang mangangasiwa sa mga bagay na may kaugnayan sa pagsasanay, taga paghanda ng mga awitin na angkop sa ebanghelyo at sa lingguhang pag-awit ng koro sa banal na misa.

Ito rin ang taga pangasiwa sa mga gawaing may kinalaman sa pagawit sa loob at labas ng parokya.

C. AMBASSADOR OF GOODWILL

Ang komiteng ito ay naglalayong palaganapin ang pakikipagkaisa at palawakin ang mabuting pakikipagugnayan ng mga kasapi, sa pamamagitan ng

pagdalaw sa knilang mga tahanan. Ito rin ay may layong pasiglahin ang "Membership ng samahan".

D. SPIRITUAL COMMITTEE

Ang komiteng ito ay naglalayon na maitaas ang pang-espirtwal na kaisipan, na siyang pangunahing layunin ng samahan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawaing pangkabanalan.

E. WAYS AND MEANS COMMITTEE

Ang komiteng ito ay siyang nangangasiwa sa mga tinakdang lugar na pagdarausan ng mga pagpupulong, pagsasanay, pagdiriwang at iba pang mga Gawain, Siya rin ang mangangasiwa sa pagsasaayos sa mga bagay na gagamitin at pagsasauli ng mga ito.

**** Ang bawat komite ay pamumunuan ng itinalagang "HEAD" ****

KALIPUNAN NG KARAPATAN

1. Ang bawat kasapi ay may karapatang lumiban.
2. Ang bawat kasapi ay may karapatang magbakasyon.
3. Ang bawat kasapi ay may karapatang humiram ng mga gamit na pag-aari ng samahan.
4. Ang bawat kasapi ay may karapatang magbitiw sa anumang tungkulin na kanyang ginagampanan.
5. Ang bawat kasapi ay may karapatang magpahayag ng kanyang pansariling haka-haka o kuro-kuro tungkol sa mga bagay na hindi niya nagustuhan sa samahan, ito ay gagawin sa araw ng pagpupulong.

ANG KAGAMITAN

- 1. Ang kagamitan ay nasa pangangalaga ng isang tagapag-ingat na itinalaga ng pangulo.**
- 2. Ang kagamitan ng samahan ay yaong mga nagmula sa:**
 - a. Pondo ng samahan.
 - b. Ipinagkaloob sa samahan.
 - c. Mula sa "Solicitation".
- 3. Ito ay ang mga sumusunod:**
 - a. Choir Gown
 - b. Organ
 - c. Beat box
 - d. Fan
 - e. Lyrics
 - f. Tambourine
 - g. Marakas
 - h. Triangle
 - i. Song Posters
 - j. Cabinet
 - k. Cork Board
- 4. Tagubilin sa pagpapahiram sa kagamitan:**
 - a. Pangangalaga sa anumang kagamitan na hiniram . At pagpapalit nito sa sandaling ito ay masira o mawala.